



**NDIS Quality
and Safeguards
Commission**

Mahal na kalahok ng NDIS,

**Ang aking desisyon na palitan ang pagparehistro ng tagabigay
ng iyong NDIS sa ilalim ng *National Disability Insurance Scheme Act 2013***

Ako ay sumulat upang ipaalam sa iyo na napagpasyahan kong baguhin ang mga kundisyon ng pagparehistro ng tagabigay (provider) ng iyong NDIS sa NDIS Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng NDIS).

Hiniling ko sa iyong tagabigay ng NDIS na ibigay sa iyo ang sulat na ito, upang maunawaan kung bakit binabago ko ang kanilang mga kundisyon sa pagparehistro.

Bakit nagbabago ang mga kundisyon para sa aking tagabigay ng NDIS?

Pinakamahalaga na ang mga personal na pagsuporta na ibinibigay sa iyo ng tagabigay ng NDIS sa iyong tahanan ay may magandang kalidad at ligtas.

Nais kong matiyak na ang iyong tagabigay ng NDIS ay:

- maayos na tinitingnan ang mga panganib na maaari mong maharap sa iyong tahanan
- sinisiyasat ang kalidad ng mga pagsuporta na ibinibigay sa iyo
- tinatanong sa iyo kung gaano ka kasaya sa mga pagsuportang iyon.

Upang magawa ito, nagdagdag ako ng isang bagong kundisyon sa pagparehistro ng tagabigay ng NDIS.

Ibig sabihin nito na mula 19 December 2020, sa ilalim ng bagong ipinakilalang kundisyon ng pagparehistro, ang iyong registradong tagabigay ng NDIS na Tulong sa Pang-araw-araw na Personal na Mga Aktibidad (Assistance with Daily Personal Activities) ay dapat niyang tiyakin na may mga hakbang upang mapanatiling ligtas ka kung pipiliin mong makatanggap ng personal na suporta mula sa nag-iisang tagasuportang manggagawa (support worker), at wala nang iba pa. Itong bagong kundisyon ay mailalapat sa lahat ng rehistradong tagabigay ng NDIS na nagbibigay ng pang-araw-araw na personal na pagsuporta sa mga kalahok ng NDIS na nag-iisang nabubuhay.

Ang iyong tagabigay ay kailangan na makipag-tulungan sa iyo sa upang masuri kung may anumang mga bagay na maaaring maglalagay sa iyo ng panganib kung ikaw ay aasa lamang sa isang manggagawa. Gagawa rin sila ng isang kasunduan sa iyo kung paano nila:

- pangasiwaan ang iyong tagasuportang manggagawa
- sisiyasatin kung paano ka nasisiyahan sa mga pagsuportang iyong nakukuha.

T 1800 035 544

contactcentre@ndiscommission.gov.au

Level 1, 121 Henry Street
PENRITH NSW 2750

www.ndiscommission.gov.au

Ang lahat ng mga tagabigay ay dapat magkaroon ng isang napapanahong talaan (up-to-date record) sa lahat ng mga kalahok na tumatanggap ng pang-araw-araw na personal na suporta mula sa iisang tagasuportang manggagawa.

Inilakip ko sa sulat na ito ang isang buong kopya ng bagong kundisyon para sa iyong kaalaman.

Sa madaling panahon, kami ay kukunsulta sa mga taong may kapansanan, sa mga samahang kumakatawan sa mga taong may kapansanan, mga tagabigay ng serbisyo at mga pamahalaan ng estado at teritoryo upang mailagay itong mga bagong pangangailangan sa batas.

Kung mayroon kang mga katanungan, maaaring tumawag sa amin sa 1800 035 544, o mag-email sa sa contactcentre@ndiscommission.gov.au. Maaari mo ring dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa pagparehistro at mga kundisyon ng pagparehistro para sa mga rehistradong tagabigay sa iyo ng NDIS sa aming website sa www.ndiscommission.gov.au.

Sa ilang sandali ay ipapalabas namin itong impormasyon sa madaling basahin na Braille at Auslan, pati na rin sa ibang mga wika ng komunidad.

Mga karapatan sa pagsusuri

Kung ikaw ay nakatira nang mag-isa at tumatanggap ng pangangalaga mula sa nag-iisang tagasuportang manggagawa, direkta kang maaapektuhan ng aking pasya na baguhin ang mga kundisyon ng pagpaparehistro ng iyong NDIS provider. Mayroon kang karapatang humiling na suriin ang pasyang ito ng ibang tao sa NDIS Commission. Mayroon kang tatlong buwan mula sa araw na natanggap mo ang sulat na ito upang humiling ng isang pagsusuri.

Maaari kang humiling sa amin ng isang pagsusuri sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1800 035 544, sa pagpapadala ng email sa registration@ndiscommission.gov.au o sa pagsusulat sa:

NDIS Quality and Safeguards Commission
PO Box 210
PENRITH NSW 2750

Sa iyong kahilingan, kailangan mong sabihin sa amin kung bakit naniniwala kang mali ang desisyon para sa iyo at mga pagasuportang iyong natatanggap.

Pagkatapos na makuha ang iyong kahilingan para sa isang pagsusuri, isang awtorisadong tao sa NDIS Commission ay magsusuri sa desisyon. Ipapabatid ang kinalabasan sa iyo sa lalong madaling panahon, mula sa pagkatanggap ng iyong kahilingan.

Taos puso

Samantha Taylor PSM

Registrar

NDIS Quality and Safeguards Commission

Delegate under section 202A of the NDIS Act

Karagdagang Kundisyon ng Pagparehistro

Sa ilalim ng seksyon 73G ng *National Disability Insurance Scheme Act 2013* (Batas ng NDIS)

Karagdagang Kundisyon na ipinataw sa ilalim ng seksyon 73G Batas ng NDIS para sa mga nagbibigay ng tulong sa pang-araw-araw na personal na mga aktibidad sa mga kalahok na nag-iisang nabubuhay

- (1) Itong kundisyon ay naaangkop sa tagabigay kung ang tagabigay ay nakarehistrong magbigay ng personal na pagsuporta.
- (2) Itong kundisyon ay magkakabisa sa 18 Disyembre 2020.
- (3) Sa kundisyong ito:
 - naaangkop*** ay nangangahulugang naaangkop hinggil sa mga kadahilanan sa peligro ng kalahok.
 - pakikipag-usap nang harapan*** or ***harapang pakikipag-ugnay*** ay nangangahulugang komunikasyon o personal na pakikipag-ugnay at direkta sa kalahok at hindi kasama ang online o virtual na komunikasyon o pakikipag-ugnay.
 - kalahok*** ay nangangahulugang isang kalahok na nag-iisang nabubuhay.
 - personal na pagsuporta*** ay nangangahulugang ang klase ng suporta na tinukoy bilang pagtulong sa pang-araw-araw na gawaing personal sa National Disability Insurance Scheme.
 - mga kadahilanan sa peligro*** ay nangangahulugang ang mga kadahilanan na maaaring magkaroon ng isang makabuluhang nakakapinsalang epekto sa kakayahan ng isang kalahok na makisali sa komunidad, na ang mga kadahilanan na nakalista sa sugnay (7) at ***ang mga kadahilanan sa peligro ng kalahok*** ay nangangahulugang ang mga kadahilanan ng peligro (kung mayroon man) na tinasa sa ilalim ng sugnay (4)(b) bilang umiiral na may kaugnayan sa kalahok.
 - kasunduan sa serbisyo*** nangangahulugang isang kasunduan sa serbisyo na tungkol sa pagkakaloob ng personal na suporta.
 - tagasuportang manggagawa (support worker)*** nangangahulugang, kaugnay sa isang kalahok, isang indibidwal na nagbibigay ng personal na pagsuporta sa kalahok.
- (4) Napapailalim sa sugnay (5), hindi dapat payagan ang isang tagasuportang manggagawa ng personal na pagsuporta sa isang nag-iisang kalahok maliban lamang kung ang tagabigay ay:

- (a) Una, sinuri kung alinman sa mga kadahilanan ng peligro ay umiiral na may kaugnayan sa kalahok; at
 - (b) Ikalawa:
 - (i) pumasok sa isang nakasulat na kasunduan sa serbisyo kasama ang kalahok; o
 - (ii) naghanda ng isang iminungkahing nakasulat na kasunduan sa serbisyo upang maipasok nito kasama ang kalahok, ginawa ang lahat ng mga makatuwirang pagsisikap na maipasok ito kasama ang kalahok at nagbigay ng isang kopya nito sa kalahok.
- Tala: Ang kasunduan sa serbisyo ay hindi lamang limitado sa pagkaloob ng personal na suporta. Maaari rin itong nauugnay sa iba pang mga suporta o serbisyong ibinibigay sa kalahok. Ang kasunduan sa serbisyo ay dapat sumunod sa mga sugnay (8) at (9).*
- (5) Kung ang kundisyong ito ay magkakabisa, pinapayagan na ng isang tagabigay sa nag-iisang tagasuportang manggagawa na magbigay ng personal na suporta sa isang kalahok, ang tagabigay ay mayroong hanggang 19 Disyembre 2020 upang sumunod sa mga kinakailangan ng sugnay (4) na may kaugnayan sa kalahok na iyon.
 - (6) Kung ang tagabigay ay nagbigay ng isang kopya ng isang iminungkahing kasunduan sa serbisyo sa kalahok (tulad ng tinukoy sa sugnay (4)(b)(ii)) na ang tagabigay ay dapat magbigay ng personal na suporta sa kalahok alinsunod sa mga tuntunin ng iminungkahing kasunduan.
 - (7) Ang mga kadahilanan sa peligro ay ang mga sumusunod:
 - (a) Ang kalahok ay hindi tumatanggap, mula sa anumang iba pang tagabigay ng NDIS, ng pagsuporta o mga serbisyo na nasasangkot ang regular, harapan na pakikipag-ugnay sa kalahok.
 - (b) Isa o higit pa sa mga sumusunod ay naaangkop:
 - (i) Ang kalahok o ang plano ng kalahok ay nagpapahiwatig na ang kalahok ay may limitado o walang regular na harapang pakikipag-ugnay sa mga kamag-anak, mga kaibigan o iba pang mga tao na kilalang-kilala ng kalahok.
 - (ii) Nang walang tulong ng ibang tao, ang kalahok ay may limitado o walang pisikal na makakalipat (physical mobility).
 - (iii) Ang kalahok ay gumagamit ng kagamitan upang maaari silang pisikal na makakalipat o mapadali ang kanyang pisikal na paglipat.
 - (iv) Nang walang tulong ng ibang tao, ang kalahok ay may limitado o walang kakayahang makipag-usap sa iba.
 - (v) Ang kalahok ay gumagamit ng kagamitan upang maaari o mapadali ang komunikasyon sa iba, kabilang ang paggawa o pagpapadali ng paggamit ng isang telepono o iba pang kagamitan.
 - (8) Ang tagabigay ay dapat:

- (a) na itala ang pagtatasa nito sa mga kadahilanan sa peligro ng kalahok;
 - (b) sa pinakamadaling panahon na makatwirang maisasagawa, pagkatapos makumpleto ang pagtatasa, na bigyan ng isang kopya ng pagtatasa ang kalahok;
 - (c) na ilagay ang isang kopya ng pagtatasa sa file ng tagabigay na nauugnay sa kalahok; at
 - (d) sa lalong madaling maisasagawa, pagkatapos malaman ng tagabigay ang anumang pagbabago sa kalagayan na maaaring magkaroon ng isang makabuluhang epekto sa pagbibigay ng personal na suporta sa kalahok:
 - (i) na baguhin ang pagtatasa upang isaalang-alang ang pagbabago;
 - (ii) na bigyan ang kalahok ng isang kopya ng binagong pagtatasa; at
 - (iii) na ilagay ang isang kopya ng binagong pagtatasa sa file ng tagabigay na nauugnay sa kalahok.
- (9) Ang kasunduan sa serbisyo o (kung saan naaangkop ang sugnay (4)(b)(ii)) ang ipinanukalang kasunduan sa serbisyo sa pagitan ng tagabigay at ng kalahok ay dapat isaalang-alang ang mga kadahilanan sa peligro ng kalahok at dapat tukuyin:
- (e) ang mga karapatan at obligasyon ng kalahok at ng tagabigay, ayon sa pagkakabanggit, sa ilalim ng kasunduan;
 - (f) ang mga paraan kung saan pipiliin ang tagasuportang manggagawa, kasama ang tungkulin ng kalahok sa pagpili;
 - (g) ang isang pamamaraan na gagamitin upang suriin ang pagpapatupad ng kasunduan, na dapat may kasamang ibang tao maliban sa tagasuportang manggagawa na nakikipag-ugnay sa kalahok, at may naaangkop na kadalasan, ang antas ng kasiyahan ng kalahok sa uri, kalidad at kadalasan ng personal na pagsuporta na ibinibigay;
 - (h) ang mga paraan kung saan mapapangasiwaan at masusubaybayan ng tagabigay ang pagsasagawa ng tagasuportang manggagawa upang matiyak na ang pagsasagawa ay alinsunod sa kasunduan at sa kaligtasan at kapakanan ng kalahok, na dapat kasama (hanggang sa maisagawa) ang mga pagbisita ng isang tagapamahala sa tahanan ng kalahok, sa isang determinado at naaangkop na kadalasan, upang maisagawa ng pangangasiwang personal sa tagasuportang manggagawa;
 - (i) ang mga paraan kung saan ang tagabigay ay nakikipagbatid sa kalahok, na dapat kasama (hanggang sa maisasagawa) pakikipag-usap nang harapan sa kalahok sa tahanan ng kalahok sa isang naaangkop na kadalasan;
 - (j) ang mga paraan kung saan ang provider ay nakikipag-ugnay sa iba pang mga tagabigay na maaaring kabilang sa pagbibigay ng mga suporta o serbisyo sa kalahok sa tahanan ng kalahok o sa pagsuporta sa kalahok na makakamit ng mga aktibidad na nakabase sa komunidad.
- (10) Kung ang anumang kadahilanan sa peligro ay nakilalang umiiral na may kaugnayan sa kalahok, ang tagabigay ay dapat siguraduhin na:

- (a) mayroong isang dokumentadong plano para sa pangangasiwa ng tagasuportang manggagawa sa kalahok na angkop na isinasaalang-alang ang mga kadahilanan sa peligro ng kalahok at ang plano ay ipinatupad;
 - (b) ang lahat ng mga pangunahing tauhan ng tagabigay ay tumatanggap ng regular na mga ulat na nauugnay sa pangangalaga at kasanayan kung saan ibinibigay ng personal na pagsuporta ay ibinibigay sa kalahok ng tagasuportang manggagawa, na ang kadalasan ng mga ulat ay naaangkop na may pagsasaalang-alang sa mga kadahilanan sa peligro ng kalahok; at
 - (c) ang naaangkop na aksyon ay isinasagawa ng tagabigay, nang walang anumang hindi makatuwirang pagkaantala, upang matugunan ang anumang pag-aalala na natukoy sa mga ulat na iyon.
- (11) Ang tagabigay ay dapat magkaroon ng isang napapanahong talaan ng lahat ng mga kalahok na pinapayagan ng tagabigay na mabigyan ng personal na suporta na mula sa isang nag-iisang tagasuportang manggagawa.